

## SINO ANG NAGPOPONDO SA DDLS ?

Ang Pamahalaang Komonwelt.

## MAGBABAYAD BA AKO ?

Karaniwan, libre ang mga paglilingkod.

Kung minsan baka may babayaran ka sa ibang nagasta. Kung may babayaran, kakausapin ka tungkol dito.

Tumatanggap din ng donasyon !

## MAKAKUKUHA BA AKO NG INTERPRETE ?

Karaniwan (**pero hindi palagi**) ang DDLS ay makapag-aayos ng libreng interprete.

Ang polyetong ito ay nasa ibang wika sa aming website. Ang mga polyetong nakasulat sa ibang wika ay pinondohan ng Legal Practitioner Interest on Trust Accounts Grant Fund.

Ang impormasyon sa polyetong ito ay tama mula Oktubre 2006. Maaari itong mabago nang walang pasabi.

## GUSTO MO BA NG HIGIT PANG KAALAMAN ?

Kontakin ang Disability Discrimination Legal Service.

### Upisina:

Cairns Community Legal Centre Inc  
(kasama ang Disability Discrimination Legal Service)

Level 1

Main Street Arcade  
85 Lake Street  
(PO Box 7129)  
CAIRNS Q 4870

Makapapasok ang silyang may gulong.

### Telepono:

(07) 4031 7358 (kliyente ng DDLS sa Cairns)  
1800 650 197 (kliyente ng DDLS sa labas ng Cairns)

### Web Site:

[www.cclc.org.au](http://www.cclc.org.au)

**Salamat sa mga boluntaryo sa kanilang oras at kabutihang-loob upang suportahan ang Cairns Community Legal Centre Inc at ang mga layunin nito.**

**Kung hindi sa mga taong ito, ang Centre ay hindi makapagbibigay ng maraming paglilingkod nito.**

Ang LIBRENG pambatas na payo,  
impormasyon at pagsangguni  
ay makukuha mula sa



Ang Disability Discrimination Legal Service (Pambatas na Paglilingkod Ukol sa Diskriminasyon ng may Kawalang-Lakas)

ay nasa Cairns Community Legal Centre Inc (Sentrong Pambatas na Pangkomunidad sa Cairns)



Filipino

## **ANO ANG DISABILITY DISCRIMINATION LEGAL SERVICE ?**

Ang Disability Discrimination Legal Service (DDLS) ay isang espesyalistang paglilingkod na pambatas para sa mga taong may kawalang-lakas na hindi pinakitunguhan nang mabuti dahil sa kanilang kawalang-lakas.

## **SINO ANG NAGBIBIGAY NG DDLS ?**

Ang DDLS ay alay ng Cairns Community Legal Centre Inc (ang Centre). Ang Centre ay isang organisasyon sa komunidad na walang kinikitang tubo na pinalalakad ng mga boluntaryo at ng iilan lamang na kawani.

## **ANO ANG IBIG SABIHIN NG ‘KAWALANG-LAKAS’ (DISABILITY) ?**

Malawak ang paglalarawan ng kawalang-lakas.

Ang mga sumusunod ay ilan lang sa mga halimbawa:

- Kawalang-lakas na pisikal
- Sakit tulad ng HIV/AIDS o Hepatitis C
- Mga kondisyong tulad ng epilepsiya, diyabetis, anorexia o multiple sclerosis
- Kalabuan ng mata, kahinaan ng pandinig o kahirapan sa pagkilos
- Pangkaisipang sakit
- Kawalan ng kakayahang pangkaisipan.

Ang mga reklamong diskriminasyon batay sa kawalang-lakas ay magagawa sa trabaho, edukasyon, tirahan, binibiling paninda o paglilingkod, superannuation, seguro at mga klub.

## **ANO ANG NAGAGAWA NG DDLS ?**

Nagbibigay ang DDLS ng LIBRENG pambatas na payo at impormasyon tungkol sa diskriminasyon ng may kawalang-lakas.

Kumakatawan lamang ang DDLS sa ilang mga sitwasyon.

## **PAANO AKO KUKUHA NG PAMBATAS NA PAYO ?**

Kailangang magtakda ng oras para humingi ng pambatas na payo. Tumelepono sa DDLS para magtakda ng oras.

## **EDUKASYONG PANGKOMUNIDAD UKOL SA BATAS**

Nagbibigay din ang DDLS ng mga diskurso, workshop at seminar para sa grupong pangkomunidad tungkol sa diskriminasyon ng may kawalang-lakas.

Tumelepono sa DDLS para magtanong.

## **PAGSANGGUNI**

Sa kasamaang-palad, hindi laging nakatutulong ang DDLS.

Kung hindi makatutulong ang DDLS, magsisikap kaming isangguni kayo sa angkop na organisasyon.

## **SINO ANG MAKAGAGAMIT SA DDLS ?**

Ang DDLS ay magagamit ng mga taong may kawalang-lakas sa North Queensland (mula sa Sarina, pakanluran sa Northern Territory at pahilaga sa Torres Strait). Sa ilang kaso, ang mga ‘kaugnay’ ng mga taong may kawalang-lakas, tulad ng mga kaibigan, kapareha o tagapag-alaga, ay puwede ring gumamit sa DDLS.